Mag-file ng Tax Return para Maibalik ang Pera Mo

Puwedeng kwalipikado ka para sa libo-libong dolyar sa iyong refund ng buwis kapag nag-claim ka sa pederal na Earned Income Tax Credit at Child Tax Credit

Paano Makuha ang Iyong mga Credit sa Buwis:

1 **Tingnan kung kwalipikado ka**
Alamin kung magkano ang puwede mong matanggap sa TaxOutreach.org/TaxCredits.

2 **Maghanap ng LIBRENG tulong sa buwis**
Pumunta sa GetYourRefund.org o tumawag sa 800-906-9887, kahit na hindi ka karaniwang nagfa-file ng mga buwis.

3 **I-file ang iyong mga buwis**
Makakuha ng libreng tulong sa pag-file ng iyong tax return hanggang Abril 15, 2024.

Ano ang dapat dalhin sa isang appointment para sa buwis:

- ❑ Valid na ID na may litrato
- ❑ Social Security card, sulat na nagbeberipika sa Social Security number, o ITIN para sa lahat ng tao na nasa iyong tax return
- ❑ Mga W-2 o 1099 form
- ❑ Form 1095-A
- ❑ Anumang paunawa mula sa IRS
- ❑ Mga tax return noong 2021 at 2022, kung nasa iyo ang mga ito
- ❑ Identity Protection PIN (IP PIN), kung mayroon ka nito

Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa TaxOutreach.org/TaxCredits o tumawag sa IRS sa 1-800-829-1040

Pagkwalipika sa Earned Income Tax Credit (EITC) at Child Tax Credit (CTC):

Kung wala kang mga anak, puwede kang makwalipika sa EITC na hanggang $600 kung:

Edad:

Ikaw ay 25-64 taong gulang noong Disyembre 31, 2023.

Kita noong 2023:

Kumita ka nang mas mababa sa $17,640 ($24,210 kung may asawa).

Kung hindi ka mamamayan ng U.S., puwede kang makwalipika kung:

- **EITC:** Ikaw, ang iyong asawa, at ang sinumang anak na kine-claim mo ay may valid na Social Security number (SSN).
- **CTC:** May SSN ang sinumang anak na kine-claim mo. Ikaw at ang iyong asawa ay mayroon dapat SSN o Individual Taxpayer Identification Number (ITIN).

Kwalipikado ba Ako?

Sa panahon ng pagbubuwis, puwedeng bumaba pa ang utang mong buwis at puwede mong mabawi ang iyong pera sa tulong ng Earned Income Tax Credit at Child Tax Credit! Kung nagtrabaho ka noong 2023, maaaring kwalipikado ka sa mga credit na ito.

Mga Pampublikong Benepisyo:

- Kapag nag-claim ka ng mga credit sa buwis na ito, hindi magbabago ang iyong pagkwalipika sa mga pederal na benepisyo tulad ng SNAP (mga food stamp), SSI, Medicaid, tulong na pera, o pampublikong pabahay.
- Kung iipunin mo ang iyong tax refund, hindi ito ibibilang sa mga limitasyon sa resource/asset para sa programa ng benepisyong pinopondohan ng pederal na gobyerno sa loob ng 12 buwan pagkatanggap sa refund.

Kung mayroon kang mga anak, puwede kang makwalipika sa EITC at CTC kung:

Paninirahan:

- Nanirahan ang iyong mga anak nang kasama ka sa loob ng mahigit kalahati ng 2023.

Edad – ang mga bata ay dapat:

- **EITC:** 18 pababa noong Disyembre 31, 2023 (puwedeng wala pa sa edad 24 ang mga full-time na mag-aaral, at puwedeng kahit ano ang edad ng mga batang may permanente at ganap na kapansanan).
- **CTC:** 16 pababa noong Disyembre 31, 2023.

Kita para sa 2023:

- **Para sa pederal na CTC**, kung kumita ka nang higit sa $2,500, puwede kang mag-claim ng credit na hanggang $2,000 para sa bawat bata.
- **Para sa pederal na EITC**, mas mababa dapat ang iyong mga kinita sa mga sumusunod na limitasyon:

Bilang ng Bata	Mga manggagawang walang asawa na may kitang mas mababa sa:	Mga manggagawang may asawa na may kitang mas mababa sa:	EITC na hanggang:
1 bata	$46,560	$53,120	$3,995
2 bata	$52,918	$59,478	$6,604
3 o higit pang bata	$56,838	$63,398	$7,430

Hindi pa huli para i-claim ang pinalawak na mga credit sa buwis para sa 2021!

Dahil sa pandemya, pinalawak ang EITC at Child Tax Credit, at ginawang available ang mga ito sa mas maraming tao. Natapos na ang pagpapalawak na iyon, PERO kung kwalipikado ka sa pinalawak na EITC noong 2021, sa pinalawak na Child Tax Credit noong 2021, o sa alinman sa tatlong round ng mga stimulus check at hindi mo pa na-claim ang mga ito, hindi pa huli ang lahat! Pumunta sa TaxOutreach.org/expanded para alamin pa ang tungkol dito.